



COUNTY NG SAN DIEGO

ITEM SA AGENDA

LUPON NG MGA SUPERBISOR

PALOMA AGUIRRE
Unang Distrito

JOEL ANDERSON
Ikalawang Distrito

TERRA LAWSON-REMER
Ikatlong Distrito

MONICA MONTGOMERY STEPPE
Ikaapat na Distrito

JIM DESMOND
Ikalmang Distrito

PETSA: Marso 24, 2026

XX

PATUNGKO KAY: Lupon ng Mga Superbisor

PAKSA

**NAI-ABISONG PAMPUBLIKONG PAGDINIG: TRUTH ACT COMMUNITY FORUM
TUNGKOL SA ACCESS SA IMIGRASYON AT PAGPAPATUPAD NG KAUGALIAN
SA MGA INDIBIDWAL SA PANAHOON NG 2025 (MGA DISTRITO: LAHAT)**

PANGKALAHATANG-IDEYA

Noong 2016, pinagtibay ng Estado ng California ang Transparent Review of Unjust Transfers and Holds Act, na kilala rin bilang "Batas sa Transparent na Pagsusuri ng Mga Hindi Makatarungang Paglilipat at Paghawak (TRUTH Act)." Bilang bahagi ng TRUTH Act, ang Seksyon 7283.1(d) ng Kodigo ng Pamahalaan ay nag-aatas na ang namumunong katawan ng isang county ay magsagawa ng taunang forum ng komunidad kung ang isang lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas sa loob ng county na iyon ay nagbigay ng pederal na pag-access sa Imigrasyon at Pagpapatupad ng Mga Kaugalian (Immigration and Customs Enforcement, ICE) access, gaya ng tinukoy sa Act, sa mga indibidwal noong nakaraang taon ng kalendaryo.

Isa itong kahilingan para sa Lupon ng Mga Superbisor na magdaos ng isang forum ng komunidad tungkol sa TRUTH Act tungkol sa pag-access ng ICE sa mga indibidwal sa nakaraang taon ng kalendaryo, upang makatanggap ng ulat mula sa Opisina ng Sheriff ng San Diego (Opisina ng Sheriff) at pag-isipan ang mga pampublikong komento. Nai-abiso ng publiko ang forum na ito noong Pebrero 20, 2026. Sa panahon ng forum, mag-uulat ang Opisina ng Sheriff tungkol sa mga pakikipag-ugnayan at komunikasyon sa ICE noong 2025. Walang ibang mga departamento ng County ang nagbigay ng ICE ng access sa mga indibidwal, gaya ng tinukoy sa Batas noong 2025.

(MGA) REKOMENDASYON

PUNONG ADMINISTRATIBONG OPISYAL

1. Magdaos ng forum ng komunidad tungkol sa TRUTH Act sa darating na Marso 24, 2026, alinsunod sa Seksyon 7283.1(d) ng Kodigo ng Pamahalaan.
2. Makatanggap ng ulat mula sa Opisina ng Sheriff tungkol sa pag-access sa Imigrasyon at Pagpapatupad ng Mga Kaugalian (ICE) sa mga indibidwal sa panahon ng 2025.

PAKSA: NAI-ABISONG PAMPUBLIKONG PAGDINIG: TRUTH ACT COMMUNITY FORUM TUNGKOL SA ACCESS SA IMIGRASYON AT PAGPAPATUPAD NG KAUGALIAN SA MGA INDIBIDWAL SA PANAHON NG 2025 (MGA DISTRITO: LAHAT)

PAHAYAG NG EPEKTO NG EQUITY

Para dagdagan ang transparency at pampublikong pag-access sa impormasyon, ang County ay magsasagawa ng isang forum ng komunidad at manghihingi ng pampublikong komento tungkol sa anumang mga departamento o opisina ng County na nagbigay ng access, gaya ng tinukoy sa Batas sa Transparent na Pagsusuri ng Mga Hindi Makatarungang Paglilipat at Paghawak (TRUTH Act), sa Imigrasyon at Pagpapatupad ng Mga Kaugalian (ICE) na may buod ng data. Kasama sa impormasyong iniulat ang bilang ng mga indibidwal na binigyan ng ahensya ng access sa ICE at ang kanilang mga demograpikong katangian, ang petsa kung kailan ibinigay ang access sa ICE, at kung paano ibinigay ang access na ito, alinman sa pamamagitan ng pag-hawak, paglipat, kahilingan sa abiso o sa pamamagitan ng iba pang paraan.

PAHAYAG NG EPEKTO NG PAGPAPANATILI

Ang mga iminungkahing aksyon para magsagawa ng pampublikong Forum ng Komunidad tungkol sa Transparent Review of Unjust Transfers and Holds (TRUTH) Act at makatanggap ng ulat mula sa Opisina ng Sheriff patungkol sa pag-access sa Imigrasyon at Pagpapatupad ng Mga Kaugalian sa mga indibidwal sa panahon ng 2025 ay nag-aambag sa Mga Layunin ng Pagpapanatili ng County ng San Diego sa pakikipag-ugnayan sa komunidad at pagbibigay ng makatarungan at pantay na access. Para makisali sa komunidad sa mga makabuluhang paraan at makahingi ng input ng stakeholder sa proseso ng sibiko, ang County ng San Diego ay nagho-host ng isang forum ng komunidad sa isang lugar na naa-access ng publiko at may hindi bababa sa 30 araw ng pampublikong abiso na may layuning magdisenyo ng mga pampublikong proseso na humihikayat sa mga tao at magkakaibang stakeholder na lumahok sa mga desisyon na makakaapekto sa kanilang buhay at komunidad. Higit pa rito, sa pamamagitan ng pag-imbata ng pampublikong komento sa lahat ng miyembro ng komunidad na gustong lumahok, at sa pamamagitan ng pag-aalok ng mga isinalin na materyales at serbisyo ng interpretasyon sa Arabic, Chinese (Mandarin), Korean, Persian (Farsi at Dari), Somali, Spanish, Filipino (Tagalog), at Vietnamese, ang iminungkahing Forum ng Komunidad tungkol sa TRUTH Act ay nagsusulong sa pananaw ng County ng San Diego sa pamumuhunan sa makatarungan at pantay na access sa mga serbisyo ng County.

EPEKTO SA PANANALAPI

Walang epekto sa pananalapi na nauugnay sa mga rekomendasyon sa pagdaraos ng taunang forum ng komunidad tungkol sa TRUTH Act o pagtanggap ng ulat mula sa Opisina ng Sheriff ng San Diego tungkol sa ICE access sa mga indibidwal sa panahon ng 2025. Kung maaprubahan, walang pagbabago sa netong gastos sa Pangkalahatang Pondo at walang karagdagang taon ng kawani.

PAHAYAG NG EPEKTO NG NEGOSYO

N/A

PAHAYAG NG ADVISORY BOARD

N/A

BACKGROUND

Noong 2016, pinagtibay ng Estado ng California ang Transparent Review of Unjust Transfers and Holds Act (Act), na kilala rin bilang “TRUTH Act.” Ang TRUTH Act ay nangangailangan, ayon

PAKSA: NAI-ABISONG PAMPUBLIKONG PAGDINIG: TRUTH ACT COMMUNITY FORUM TUNGKOL SA ACCESS SA IMIGRASYON AT PAGPAPATUPAD NG KAUGALIAN SA MGA INDIBIDWAL SA PANAHOON NG 2025 (MGA DISTRITO: LAHAT)

sa Seksyon 7283.1(d) ng Kodigo ng Pamahalaan, na ang namamahala sa isang county ay magdaos ng taunang forum ng komunidad kung ang isang lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas sa loob ng county ay nagbigay ng pederal na access sa Imigrasyon at Pagpapatupad ng Mga Kaugalian (ICE), gaya ng tinukoy sa Act, sa mga indibidwal noong nakaraang taon ng kalendaryo. Ang forum na ito ay dapat na bukas sa publiko, sa isang naa-access na lokasyon, at may hindi bababa sa 30 araw na abiso, upang magbigay ng impormasyon sa publiko tungkol sa pag-access ng ICE sa mga indibidwal at upang makatanggap at pag-isipan ang pampublikong komento.

Tinutukoy ng TRUTH Act ang mga lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas bilang mga awtorisadong magpapatupad ng mga batas, regulasyon, o lokal na ordinansa; o upang patakbuin ang mga kulungan o panatilihin ang kustodiya ng mga indibidwal sa mga kulungan; o para magpatakbo ng mga pasilidad ng detensyon ng kabataan o panatilihin ang pag-iingat ng mga indibidwal sa mga pasilidad ng detensyon ng kabataan; o para subaybayan ang pagsunod sa mga kondisyon ng probasyon o parol. Tinutukoy ng batas ang pag-access sa ICE at inilalarawan ang mga kondisyon kung saan maaaring ibigay ang access na ito.

Noong Pebrero 20, 2026, ang abiso ng forum ng komunidad ng TRUTH Act na gaganapin sa arating na Marso 24, 2026, sa panahon ng pagpupulong ng Lupon ng Mga Superbisor, na bukas sa publiko, ay inisyu bilang pagsunod sa kinakailangan ng batas para sa abiso 30 araw bago ang forum. Sa kasagsagan ng forum, mag-uulat ang Opisina ng Sheriff sa mga pakikipag-ugnayan at pakikipag-ugnayan nito sa ICE sa panahon ng 2025. Walang ibang mga departamento ng County ang nagbigay ng ICE access, gaya ng tinukoy sa Batas, sa mga indibidwal noong nakaraang taon.

KONEKSYON SA ESTRATEHIKONG PLANO NG COUNTY NG SAN DIEGO

Ang forum ng komunidad tungkol sa TRUTH Act ay sumusuporta sa mga inisyatiba ng Pagbibigay-kapangyarihan at Komunidad na Estrategikong Plano sa taong 2026-2031 ng County ng San Diego sa pamamagitan ng pagbabahagi ng impormasyon sa publiko bilang pagsunod sa batas ng estado.

Magalang na isinumite,



Andrew Strong for

EBONY N. SHELTON
Punong Administratibong Opisyal

(MGA) KALAKIP
N/A